

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Malapit nang darating sa Downtown Brampton**

### ***Mga Upgrade sa Imprastraktura, Mas Malapad na Sidewalk, Mas Pinagandang mga Espasyong Pampubliko.***

BRAMPTON, ON (Pebrero 3, 2022) – Dumadaan ngayon ang Downtown Brampton sa pagbabago. Simula sa buwan na ito, mayroong konstruksyon ng Rehiyon ng Peel para palitan ang watermain at sanitary sewers sa lugar, kasunod ng trabaho ng Lungsod para palitan at palaparin ang mga bangketa, at kumpunihin at i-resurface ang mga daan.

Nakatakdang mag-umpsa ang konstruksyon sa dulo ng Enero, at inaasahang matatapos sa 2025, kung maganda ang panahon at isinaalang-alang ang pandemyang COVID-19. Ibinahagi ng Rehiyon ng Peel ang pangkalahatang mga plano sa bawat yugto para sa konstruksyon. Ang mga residente at mga negosyo ay maaaring marepaso ang impormasyon [dito](#) at isumite ang mga tanong o mga komento.

Sa panahon ng konstruksyon sa Queen Street, pananatilihin ang isang lane ng trapiko sa bawat direksyon. Sa panahon ng konstruksyon sa Main Street, isang direksyon sa trapiko ang pananatilihin lamang sa iisang direksyon. Ang acces ng mga tao ay karaniwang mamimintina sa lahat ng negosyo, at ang mga sidewalk ay mananatiling bukas. Magkakaroon ng ilang pangmaikling trabaho sa loob ng mga boulevard, na susundan ng isang kumpletong pagpapalit ng mga curb at mga sidewalk, kapag ang mga taong naglalalakad ay ididirekta sa kabilang bahagi ng kalye.

Ang mga pagpapagandang ito ay mahalagang bahagi ng pagpapatuloy sa Integrated Downtown Plan ng Lungsod, na gumagabay sa maraming nagpapatuloy na inisyatiba at mga proyekto sa imprastraktura ng Brampton na magpapasigla sa paglago at pamumuhunan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **Downtown streetscaping**

Sa ganap na pakikipagtulungan sa trabaho sa imprastraktura ng downtown sa Rehiyon, ang Lungsod ay umaabante sa mga inisyatiba sa pagdidisenyo ng kalye (streetscaping) na kinabibilangan ng pagpapalit ng umiiral na mga sidewalk na may mga stone pavers at pag-resurface ng mga daan na may pinalaking mga bangketa sa kapwa bahagi ng Queen at Main Streets. Itong tinatayang \$16.6 milyong pamumuhunan ay magsisilbing lilikha ng de kalidad na mga urban na espasyo para sa komersyal na aktibidad, mga taong naglalalakad at mga nagbibisikleta at bubuo ng aktibong mga pag-uugnay sa pagitan ng Etobicoke at Fletchers Creeks, at lilikha ng pinagandang espasyo para sa mga taong naglalalakad sa downtown core.

### **Sentro ng mga Proyekto ng Downtown Brampton**

Ang [Downtown Brampton Projects Centre](#) (DBPC) ay birtwal na bukas na ngayon. Handa ang mga staff ng Lungsod na tulungan ang mga negosyo sa downtown at ang mga residente, at para patuloy na maghatid ng mga programa at inisyatiba para pasiglahin ang downtown. Ang mga staff ng Rehiyon ng Peel ay nariryan din sa panahon ng konstruksyon.

Ang mga proyektong susuportahan sa pamamagitan ng DBPC ay kabibilangan ng proyekto sa watermain at pagpapalit ng sanitary sewer at ang [My Main Street program](#). Tutulong ang isang Downtown Coordinator sa mga lokal na negosyo, sa Downtown Brampton BIA, at sa mga piniling opisyal para ipatupad ang small scale na mga proyekto at idirekso ang mga tanong sa angkop na mga departamento ng Lungsod.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa DBPC sa [www.brampton.ca/downtownbrampton](http://www.brampton.ca/downtownbrampton).

### **Suportahan ang Lokal**

Ang komunidad ng mga negosyo sa downtown ng Brampton ay natamaan nang mabuti sa pandemyang COVID-19, at ang Lungsod ay dedicated sa pagpapababa ng mga problema at pagsuporta sa kanila sa pagbangon ng ekonomiya habang nagpapatuloy itong mamuhunan sa mahalagang pagpap-improve na imprastraktura para mas mapaganda ang mga espasyong pampubliko.

Hinihikayat ang mga residente na patuloy na bumisita sa mga negosyo sa downtown sa panahong ito. Mahahanap ninyo ang kumpletong talaan ng maliliit na negosyo sa Brampton sa [website ng Support Local Brampton](#).

Para sa isang kumpletong talaan ng available na mga opsyon sa pagparada, bisitahin ang inyong paboritong mga negosyo habang nagpapatuloy ang konstruksyon, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **Tungkol sa Integrated Downtown Plan**

Ang Integrated Downtown Plan (IDP) ay isang strategic na plano para sa aksyon – ikino-coordinate ang maraming nagpapatuloy na inisyatiba at mga proyekto sa imprastraktura ng Brampton. Inaasahan itong gumabay sa paglago at strategic na mga pamumuhunan sa hinaharap hanggang 2051.

Ang gumagabay na mga prinsipyo ng IDP ay pagsasali, inobasyon at pagiging sustainable. Tutulong ito sa pag-coordinate ng mga upgrade sa imprastraktura, urban design, paggamit ng lupa, at mga interbensyon sa programa – pinoposisyon ang Brampton bilang isang napakahalagang tagapagsulong ng ekonomiya, panrehiyong kultural hub, at Innovation District.

Para sa mas maraming impormasyon sa IDP, bisitahin ang [www.brampton.ca/IDP](http://www.brampton.ca/IDP).

### **MgaQuote**

“Kasama ang ating mga partner, nagsisikap tayo para muling pasiglahin at buksan ang potensyal ng Downtown Brampton, at lilikha ng mga urban na espasyo at isang pinagandang lugar ng mga naglalakad sa ating downtown core. Kahit na ang pangmaikling panahong konstruksyon ay magdudulot ng disturbo, sa dulo, ang mga proyektong ito ay maglilingkod para iposisyon ang Brampton bilang tagapagpasulong ng ekonomiya, panrehiyong pangkultural hub at pandaigdigang lider sa inobasyon. Pinapasalamat namin ang tiyaga ng ating mga residente at negosyo, at salamat sa komunidad sa pag-step up para Suportahan ang Local Brampton habang ang trabahong ito ay isinasagawa.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Downtown Brampton ay sumasailalim sa kapana-panabik na transpormasyon. Ang unang hakbang ng konstruksyon na ito ng Rehiyon ay napakahalaga para sa kapakanan ng imprastraktura ng ating downtown, at maglalatatag sa paunang mga trabaho para makapagpatuloy tayo sa pagdidisenyo ng kalye at ibang mga inisyatiba para mas mapaganda ang sentro ng ating lungsod. Inaasahan natin ang mga benepisyong ihahatid ng pinlanong trabaho sa downtown sa ating downtown, mga residente at mga lokal na negosyo.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating mga negosyo sa downtown ay natamaan nang malaki ng pandemyang COVID-19 at patuloy na mga pagsasara, at committed tayo sa pagsuporta sa kanila sa kanilang paglalakbay sa pagbangon ng ekonomiya. Hinihikayat ko ang ating mga residente na patuloy na mamili, kumain at saliksikin ang lokal na negosyo, para mapababaan ang epekto ng konstruksyon ng ating mga negosyo, Ang trabaho ng Rehiyon, kasama ang ating maraming inisyatiba sa downtown na isinasagawa sa kasalukuyan, ay makakatulong sa paglikha ng masigla at madaling nakakabangon na downtown para pakinabangan at i-enjoy ng lahat.”

*- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod, committed tayo sa pagpapa-improve ng ating downtown at sa paglikha ng kompletong mga komunidad para ang ating mga residente ay mamuhay, magtrabaho at makibahagi. Sa pagpapa-improve ng ating mga pampublikong espasyo, lilikha tayo ng mga trabaho, susuporta sa pagbangon ng ekonomiya at mas magpapaganda sa kalidad ng buhay ng ating mga residente. Inaasahan ko ang pakikipagtulungan sa Rehiyon para matapos itong kailangan at kapana-panabik na trabaho.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Kasama ang ating mga partner sa Lungsod ng Brampton, committed tayo sa pagsuporta sa patuloy na pagbangon ng ating mga negosyo sa downtown habang pinapaganda ang mga pampublikong espasyo gitna ng ating lungsod. Pinaaalalahanan ko ang mga residente na habang nagpapatuloy ang mga pagpapa-improve na ito, nananatiling bukas ang ating mga lokal na tindahan, restawran at mga serbisyo para sa negosyo! Alam ko na ang kapana-panabik na mga pagbabagong ito ay nararapat sa paghihintay!”

*- Suzy Godefroy, Executive Director, Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA)*

“Sa ngalan ng Downtown Brampton BIA, excited kami na ang pagbabago sa lugar ay nagpapatuloy, at inaasahan ang maraming benepisyo na ihahatid nito sa ating mga lokal na negosyo at sa mga residente ng Brampton. Habang patuloy tayong bumabangon mula sa mga epekto ng pandemyang COVID-19, hinihiling namin sa ating komunidad na mamili, kumain at saliksikin ang lokal na negosyo habang nagpapatuloy ang konstruksyon. May maraming kumbinyenteng mga opsyon ng pagparada sa Downtown, na makikita sa website ng Lungsod, at nananatiling bukas ang ating mga negosyo at handang maglingkod sa inyo!”

*- Carrie Percival, Chair, Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA)*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media NG Lungsod ng  
Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)